Nawa

Munimuni

May makikinig ba
Kung ako ang magsasalita
May halaga ba ang boses ng
Isang maralita?

Kung sino man ang nakakarinig
Mapagbibigyan mo ba ako?

Nawa'y 'di madagdagan
Ang pasaning 'kinadukha ko
Isang trahedya ang
Mawalan ng kaluluwang tao

May lunas ba
Kung ako na ang naghanap?
May halaga ba sa'yong mundo
Ang kalagayan ko, kalayaan ko?

Kung ako ay 'yong naririnig
'Di sana tila istorbo

Nawa'y 'di madagdagan
Ang pasaning 'kinadukha ko
Isang trahedya ang
Mawalan ng kaluluwang tao

Nawa'y 'di madagdagan
Ang pasaning 'kinadukha ko
Isang trahedya ang
Mawalan ng kaluluwang tao

Sa likod ng pagod na mata
Pira-pirasong pangarap
Sa dulo kaya ng lahat
May saysay pang balikan?

O, bigyan mo ako ng dahilan
Bigyan mo ako ng dahilan
Bigyan mo ako ng dahilan
Bigyan mo ako ng dahilan

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!